



SULONG!

Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 2 Bilang 2 | Pebrero-Marso 2015 | P20

CARD, Inc. nakakuha ng “A” rating

Ni RAFFY M. ANTES

Nakatanggap ng pinakamataas na rating na “A” ang CARD, Inc. para sa taong 2014 sa katatapos lang na pagsusuri na isinagawa ng Planet Rating. Ang rating na ito ang kauna-unahang pinakamataas na ibinigay ng Planet Rating sa mga Microfinance Institutions (MFIs) sa buong mundo.

Ang Planet Rating na nakabase sa Paris, France, ay isang espesyal na microfinance *rating agency*. Sila ay gumagamit ng Smart GIRAFE at Social Performance *methodologies* na sumusukat sa *governance, information, risk management, asset quality, funding and liquidity, efficiency at profitability, at client protection* ng isang *microfinance institution*.

Ayon sa *scale* ng Planet Rating, ang “A” ay nagpapahiwatig na ang kasalukuyang *institutional, operational at financial performance* ng CARD ay mahusay kung ihahambing sa katulad na pamantayan sa industriya ng *microfinance*. Ito ay nagpapatibay din na ang institusyon ay may maayos na *asset optimization*, mahusay na kalidad ng *portfolio at self-sustaining*. Ang institusyon din ay may mahusay na antas ng pagsunod

Sundan sa pahina 2



Itinayo sa CMDI Bay campus ang kauna-unahang installation art sa Pilipinas na nagsisimbolo ng pagpuksa ng kahirapan. Ang installation art na ito ay gawa ni Luis E. Yee, Jr. na lalong kilala bilang Junyee.

Kauna-unahang installation art sa Pilipinas, simbolo ng pagpuksa sa kahirapan

Ni CYRENE GRACE DC. LUBIGAN

Binigyang-karangalan ang mga taong nagtataguyod sa pagpuksa ng kahirapan sa pamamagitan ng isang *installation art* na ginawa ni Luis E. Yee, Jr., na mas kilala sa pangalang Junyee. Ayon kay Junyee, maituturing na kauna-unahang *permanent installation art* ito sa Pilipinas. Ito ay matatagpuan sa CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. sa Bay, Laguna.

Ang *installation art* na ito ay nasa

loob ng isang hardin na mayroong iba’t ibang klase ng mga namumulaklak na halaman. Dahil sa pagsalanta ng sunod-sunod na bagyo noong nagdaang taon, maraming puno ang nasira sa lokasyon ng *installation art*. Naisip ni Junyee na gumawa ng mga eskultura mula sa puno ng yakal bilang kapalit ng mga nasirang puno sa naturang hardin. Ang mga eskulturang ito ang humahawak sa mga kable kung saan nakakabit ang mga maliliit na kampanilya. “Ang pagtunog ng bawat kampanilya tuwing umiihip ang hangin

ay magpapaalala sa atin ng kontribusyon ng mga taong lumalaban upang masupil ang kahirapan sa Pilipinas,” paliwanag ni Junyee.

Makikita rin sa hardin ang isang panandang alaala ng dating Presidenteng Corazon Cojuangco-Aquino, isang tagasuporta ng mga institusyong tulad ng CARD MRI na may layuning isulong ang *social development* sa bansa. Ayon kay Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang founder at managing director ng CARD MRI,

Sundan sa pahina 2



Ang mga staff ng CARD sa unang team building sa Cagayan de Oro.

Unang Regional Team Building ng CARD sa taong 2015, isinagawa sa CDO

Ni LYNIE JOY T. AMBATANG

Ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), Inc. ay nagsagawa ng *team building activity* noong Enero 23-24, 2015 sa Lungsod ng Cagayan de Oro na may temang “Magkasama sa diwa ng integridad at kabayanihan.”

Ang CARD MRI ay patuloy na nilalabanan ang kahirapan sa ating bansa katuwang ang mahigit pitong libong kawaning handang tumulong sa humigit-kumulang tatlong milyong miyembro nito, kung saan ang integridad at kabayanihan ay pinapahalagahan. Kaya, upang lubos na maitaguyod ang adhikaing ito ay isinagawa ang nasabing *team building*. Layunin din nito na magkaroon ng isang matatag na koneksyon at magagaling na grupo ng indibidwal na nagbibigay respeto at suporta sa pagkakaiba ng bawat isa.

“Ang pangunahing layunin nito noong una ay ang pagkakaroon lamang ng *group activity*. Di naglaon ay binago ito upang mabigyan ng kasangkapan ang mga kawani sa kagalingan, kahusayan at kultura na dapat mangibabaw sa pagkamit sa layunin ng CARD MRI. Sa

Sundan sa pahina 2

CARD MRI, wagi sa photo exhibit ng BAIPHIL

Ni JEFFREY C. TANDINGAN



Tinanggap ni Gng. Cynthia Baldeo (ika-lima mula sa kaliwa), EVP ng CARD SME Bank, Inc. ang plaque para sa ikalawang gantimpala sa isinagawang photo exhibit ng BAIPHIL.

Lungsod ng Tagaytay, Cavite – Naiwi ng CARD MRI ang ikalawang parangal mula sa isinagawang *photo exhibit* ng Bankers Institute of the Philippines (BAIPHIL). Ang *photo exhibit* ay isa sa mga bahagi ng ika-28 National Convention ng BAIPHIL na isinagawa sa Taal Vista

Hotel, Tagaytay City noong nakaraang Pebrero 27 hanggang Marso 1, 2015.

Iba’t ibang bangko ang nakilahok sa nasabing *photo exhibit* na nagpapakita ng magagandang epekto ng kanilang mga gawain sa komunidad. Ang CARD Bank,

Sundan sa pahina 3

Disaster Management

(ang kuwento sa pahina 7)



Sining at munting bata

(ang kuwento sa pahina 5)

KUWENTONG OFW:

Isang trahedya na nagsilbing inspirasyon at karangalan sa bansa (ang kuwento sa pahina 7)

Planet Rating...

(mula sa pahina 1)

sa mga prinsipyo ng *client protection*.

“Kami sa CARD ay lubos ang galak sa *rating* na aming nakamit. Dahil dito,

kami ay magpapatuloy na maging mahusay sa aming ginagawang paglilingkod sa mahihirap,” ibinahagi ng CARD, Inc. Executive Director Elma B. Valenzuela.

Sa isang e-mail ni Antoine Navarro, Senior Analyst ng Planet Rating, binati niya ang CARD para sa

natatanging pagganap at pagtaas ng antas nito mula sa “A-” noong 2012.

“Kami ay nasasabik sa kung ano pa ang maaari naming gawin sa mga darating na taon. Ang CARD MRI ay mananatiling tapat sa kanyang layuning maiangat ang buhay ng bawat Pilipino,” sabi ni Dr.

Jaime Aristotle B. Alip, ang founder at managing director ng CARD MRI.

Ang CARD MRI ay isang grupo ng mga institusyon na may iisang layunin na sugpuin ang kahirapan sa Pilipinas, kung saan ang CARD, Inc. ang kauna-unahang institusyon.

Kauna-unahang installation art sa...

(mula sa pahina 1)

“Inspirasyon namin si Presidente Cory para ipagpatuloy ang aming misyon na magbigay ng mas marami pang oportunidad para sa mga taong nangangailangan.” Noong 2005, binigyan ni Presidente Cory ang CARD MRI ng People Power Award.

Inanyayahan din ni Junyee ang mga kawani ng CARD MRI na magbigay ng mga halaman na magsisilbing simbolo ng kanilang sariling kontribusyon sa misyon ng institusyon.

Ang CMDI ay tumatayong *training at learning institute* para sa mga taong interesado sa *social development*. “Ngayon, ang CMDI ay hindi lamang isang lugar para matuto tayo tungkol sa CARD MRI; ito ay isang lugar na rin upang maaalala natin ang mga taong nagsimula at patuloy na nagtataguyod ng laban upang mapuksa ang kahirapan sa Pilipinas,” wika ni G. Edzel Ramos, ang institute director ng CMDI.

Ang gusto mong bahay ay hindi dapat hanggang pangarap na lang...



Bahay Katuparan Loan



CMDI: Unang Team Building...

(mula sa pahina 1)

mga nakalipas na pagsasanay para sa mga kawani, ang pinakabagong paksa rito ay may kinalaman sa integridad at kabayanihan,” ang malugod na pagbabahagi ni Deputy Director for Training Feliciano Blanco.

Sa nasabing pagsasanay, lubusang ipinaunawa na kapag ang isang tao ay may integridad, siya ay maituturing na isang bayani. “Ang pagiging bayani ay di nangangahulugang kailangan mong mamatay para sa iba. Ang pagiging bayani ay ang pagiging kinatawan, modelo o ehemplo para sa pagbabago. Ngunit ang pagiging isang ehemplo ay kailangang magsimula sa sarili at kinakailangan nito ng paninindigan. Kung kaya’t ang bawat isa sa atin ay maaaring maging bayani kahit sa maliliit na pamamaraan,” saad ni Marissa Amarillo, account officer sa Bulua Unit.

Samakatuwid, ang bayani ay ang mga taong nagpapakita ng pagdamay at

pagkilos para sa ikabubuti ng nakakarami. Kailangang ibigay ang pinakamahusay na serbisyo sa sangkatauhan. Ang isang bayani bilang isang indibidwal o isang lupon ng mga tao ay nagsasagawa ng pagkilos sa ngalan ng pangangailangan ng iba o pagtatanggol ng integridad o pagsulong ng moralidad.

Ayon sa tugon ng mga nakibahagi sa aktwal na pagsasanay ay marami silang natutunan at sila’y lubos na nagpapasalamat dahil ngayon ay higit pa nilang pag-iibayuhin ang kanilang pagsisilbi sa mga miyembro ng CARD.

Mayroong 226 na account officers, unit managers at area managers na nagmula sa Lanao del Norte, Zamboanga del Norte, Misamis Oriental at Cagayan de Oro ang lumahok sa *team building* na pinamunuan ni Beiger Taguam, Regional Director-OIC at Rodello Moscare, training officer habang si Bob Baylon naman ang tumayong *resource speaker*.

CARD MBA System, isang matagumpay na web-based system development ng CMIT at CARD MBA

Ni MARY ANN M. MACALINO

Ang MUnCET o Microinsurance Underwriting and Claims Evaluation *system* ay ang unang ginamit ng CARD MBA upang maitala at masubaybayan nang maayos ang mga impormasyon ng mga kasapi at lehitimong kaanak ng mga ito. Ang mga *statistics* na ito ay mahalaga sa pag-aaral ng *performance* ng mga produkto ng CARD MBA. Sa patuloy na pagdami ng bilang ng mga kasapi ng CARD MRI, may mga naitalang isyu na hindi na kayang tugunan ng MUnCET. Dahil dito, sumubok ang CARD MBA ng serbisyo ng ibang IT *companies*. Subalit dahil sa espesyal na pangangailangan ng isang *microinsurance institution*, napag-alaman ng CARD MBA na mas maiintindihan ito ng sariling IT *company* ng CARD MRI, ang CMIT.

Noong Abril, 2011, nagkaroon

ng isang malaking proyekto ang CARD MRI na tinawag na Core Banking System (CBS). Ngunit sa pagsusuri nito ay nakita na mas malaking bahagi at gawain ng CARD MBA ang hindi kayang tugunan ng CBS. Dahil dito, napagpasyahan ng CARD MBA at CMIT noong Nobyembre, 2011 na bumuo ng isang *sub-system* na konektado sa CBS na siyang magbibigay-daan sa mga pangangailangan ng CARD MBA pagdating sa usaping seguro. Dito nag-umpisang tawagin ang sistemang ang CARD MBA Sub-system o CMS.

Ang CMS na isang *web-based system* kung saan nakapaloob ang apat na *modules*: (1) Membership; (2) Claims (3) Batch Refund; at (4) GL, ay pormal na inumpisahan noong Nobyembre, 2011.

Minabuti ng CARD MBA Management

NOW AVAILABLE!!!

Daily Maintenance PROMO

BUY 27 AND GET 4 FOR FREE!!

Maintenance Medicine for:

- Hypertension**
 - Amlodipine 5mg
 - Losartan 50mg
 - Metoprolol 50mg
- Cholesterol**
 - Simvastatin 10mg/20mg
- Diabetes**
 - Metformin 500mg
- Asthma**
 - Salbutamol 2mg

Note: For Branded Generic medicines only
Contact us at: 0928-897-1325
or email us at: boticard.ho@gmail.com

BotiCARD Inc.
 A member of CARD MRI

na maging *modular system* sapagkat noong panahong iyon ay kinakailangan ng CARD MBA ng isang *automated system* na magpapagaan sa gawain ng mga kawani nito. Kapag gumana na ang mga *core function* ng bawat *module* ay isasagawa na ang *pilot-test* hanggang sa *roll-out*. Ang mga nakitang dapat isaayos ay dumaan sa mga *enhancement projects* na matiyagang isinagawa at

pinagplanuhan sa pangunguna nina Ms. Arlene Umandap, ang CARD MBA senior program manager at Mr. Edgar V. Cauyan, ang dating presidente ng CMIT, Inc. Naunang nabuo ng CMIT ang Membership at Claims Modules para matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga *end-user* kaakibat ng dumaraming bilang ng mga *claims*,
Sundan sa pahina 3

BAIPhil...

(mula sa pahina 1)

Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc., ang tatlo sa pangunahing institusyon ng CARD MRI ang kumatawan sa organisasyon sa nasabing *photo exhibit*.

Ang CARD MRI ang pangalawa sa nakakuha ng pinakamataas na boto mula sa mga delegado ng nasabing pagtitipon. Ang mga programa o proyekto ng mga bangko ay hinusgahan base sa epekto nito sa mga nababahaginan ng kanilang proyekto, kahalagahan ng programa o proyekto sa pagtugon sa mga problema ng lipunan, ang pagnanais ng institusyon na ipagpatuloy ito, at ang kakayahan nilang maka-impluwensiya sa iba pang institusyon na gumawa ng parehong programang ipatutupad.

Sa pakikipagtulungan sa iba pang institusyon ng CARD MRI, ang tatlong institusyon na kumatawan sa organisasyon ay naglalayong makapaghatid ng buo at maaasahang serbisyong pangkaunlarang makatutulong sa pagpapaulad ng buhay ng mga mahihirap. Sa patuloy na pakikipagtulungan sa iba’t ibang institusyon, ang mga kasapi ng CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc. ay nabibigyan ng oportunidad sa serbisyong pangkalusugan. Ang mga miyembro, kanilang mga anak at mga karapat-dapat na estudyante mula sa mahihirap na komunidad ay may pagkakataong makakuha ng tulong pang-edukasyon at *scholarship*. Sinisigurado rin ng CARD MRI na makakayanan muling makabangon ang mga miyembro nito at ang kanilang pamilya kapag tumama ang sakuna sa pamamagitan ng pagbibigay ng *relief goods, stress debriefing, health missions* at mabilisang pagbabayad sa mga nakaseguro.

“Ipagpapatuloy ng CARD MRI ang mga programang makatutulong sa komunidad upang tulungan ang bawat pamilyang maiangat ang kanilang pamumuhay. Ang CARD MRI ay ang magiging saklay ng aming mga kasapi sa panahon ng kahirapan. Patuloy nating tutulungan ang ating mga miyembro dahil nasa puso na natin ang tulungan sila,” sabi ni Gng. Cynthia Baldeo, ang executive vice president ng CARD SME Bank, Inc.

Ang isinagawang *photo exhibit* ay naglalayong maipakilala ang mga programa ng mga bangko na tumutulong upang mapabuti ang kalagayan ng lipunan at magbigay inspirasyon sa kanilang industriya.

Magpadala na kahit saan sa Pinas gamit ang

CARD Sulit Padala

**Sulit sa bilis
sulit sa tipid**

Sulit Remittance Rate	
Amount	Rate
P1,000 - 6,000	3%
P6,001 - 9,999	2.5%
P10, 000 - 40, 000	250 fixed rate
P40, 001 and above	1%

*Available sa lahat ng CARD Bank branch nationwide

CARD Bank, Inc.
 A Microfinance - Oriented Rural Bank
 A member of CARD MRI

Matatag na Bank sa Bawat Pamilya

www.cardbankph.com



Rizal Bank, Inc.

A Microfinance - Oriented Rural Bank
 A member of CARD MRI

Kabuhayan Loan


We help improve your business.

No collateral.

No processing fee.

Low interest rate.

**Initial loan from Php20,000.00 up to
Php150,000.00.**



Qualifications

- ☒ Male or female, 20-65 years old
- ☒ With ongoing business/es operating for at least 1 year
- ☒ He/she must have direct involvement in managing the business
- ☒ With owned or rented house and residing in the place for at least two years

Membership Requirements

- ☒ 3 copies of 1x1 ID picture
- ☒ 2 copies of 2x2 picture for member's ledger and membership form
- ☒ 1 photocopy of any valid ID (SSS, Driver's license, Voter's ID, Postal ID, etc.)
- ☒ Accomplished membership form

Loan Requirements

- ☒ 1 copy of 2x2 picture of borrower and spouse/ co-borrower
- ☒ Barangay or municipal business permit
- ☒ Accomplished 4-in-1 form
- ☒ Photocopy of CR/OR (motorcycle, jeepney, etc.) for transportation service business. If not yet in the name of borrower, proof of ownership must be submitted (e.g. notarized Deed of Sale).

CARD MBA System...

(mula sa pahina 2)

pagkuha ng datos kung may nakaraang *claim* na ang kasapi at pagbalanse ng mga kaukulang report. Noong Setyembre, 2012, agad na nakapag *pilot-test* sa dalawang *provincial offices* (Ilocos at Pangasinan PO). Kalaunan, nang magdesisyon ang CARD MRI na ihinto pansamantalang ang proyekto ng CBS, ang CARD MBA Sub-system ay idinisenyo na bilang isang bukod na sistema at tinawag na CARD MBA System (CMS).

Taong 2013, inumpisahan ng CMIT at CARD MBA ang GL at Batch Refund modules. Nang matapos magawa ng CMIT ang GL Module noong Marso, 2014, tatlong PO ang isinalang para sa *pilot-testing* kasabay ng Main Office. Maliban sa ilang *error* na naitala sa unang dalawang linggo pagkatapos ng *go-live*, maayos na naituloy ng mga PO bookkeeper ang transaksyon at nakabuo ng report mula GL. Sa taon ding ito, dalawang PO na lamang ang natitira na hindi nag *go-live* dahil sila naman ang naka *pilot-test* sa Batch Refund Module na natapos din ng CMIT noong Hulyo, 2014.

Hindi naging madali ang pagpapatupad nito sapagkat malaking hakbangin para sa CARD MBA na baguhin ang *manual system* na nakasanayan nang ginagawa sa PO. Subalit sa patuloy na pagpupursige at dahil sa tunay na pangangailangan ng mas makabagong sistema para sa lumalaking transakyon, naglakas-loob na sumubok ang CARD MBA at dahil sa tulong-tulong na pagsasanay na isinagawa para sa lahat ng *users* ay unti-unting nakasanayan ang paggamit ng bagong sistema.

Sa mahigit dalawang taon simula nang mabuo ng CMIT ang CARD MBA

System, unti-unti ay naging epektibo ang sistema kung kaya’t napadali ang mga transaksyon sa pang araw-araw na operasyon ng CARD MBA at nakakasiguro ang CARD MBA na ang mga *statistics* na makukuha ay tama upang makatulong sa patuloy na pag-aaral sa mga produktong maaari pang ihain sa mga kasapi nito.

Gayundin, naisagawa ang layuning *automatic* na makita sa *head office* ang transaksyon ng bawat PO. Dahil sa bagong sistemang ito, mabilis nang nakikita ang *claim history* at ang *accuracy* ng kontribusyon ng bawat miyembro, dahilang upang maging mas mabilis ang pagbabayad sa mga *claims* ng mga kasapi.

Hijos de San Pablo Tour

Experience our city, our heroes and our history

For inquiries please contact us at (049) 562-4309 local 108 or email us at cardmri.corpcomm@gmail.com / corpcomm@cardbankph.com

Isang Mukha ng Kahirapan



Ang kahirapan ay karaniwan nang iniugnay sa kakulangan ng perang pangastos upang matugunan ang pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, damit, at matitihran. Ang kasalatan sa kagalingan ay isang mukha ng kahirapan na maaaring dahilan o sanhi ng kasalatan sa pera batay sa pananaw ng tao.

May mga taong sinisisi ang kakulangan sa pera kaya hindi makapag-aral o makapagpaaral. Bagama’t libre ang pag-aaral sa mababa at mataas na paaralang pampubliko, ang ibang gastusin tulad ng baon, pamasaha, proyekto, at iba pa ay hindi kayang tugunan ng maraming

mahihirap. Dagdag pa rito ang kawalan ng kakainin lalo na bago pumasok sa paaralan. Maraming kawawang batang mahilig mag-aral at nangangarap umasenso ang pilit na pumapasok sa paaralan kahit hindi makapag-almusal sa pag-asang may isang maaawa upang magbahagi ng pagkain.

Isa sa mga resulta ng pag-aaral na isinagawa ng Asian Development Bank ay nagsasabing may kinalaman ang kahirapan sa naabot na antas ng edukasyon ng isang Pilipino (2009). Ayon sa ekonomistang si Solita Monsod, ang *average family income* ay tumataas sa pagtaas ng antas ng edukasyon ng puno ng pamilya (2013).

Sinabi rin niyang dahil sa kahirapan, 18 sa 100 mag-aaral ang humihinto sa pagsapit ng Grade 2 at 45 lamang sa 68 nakatapos ng Grade 6 ang nakapagtatapos ng *high school*.

Alam nating lahat na malaki ang nagagawa ng edukasyon sa pagpapalawak ng kaalaman, kasanayan, at pandama sa pag-unlad ng tao at sa maiaambag niya sa pag-unlad ng kaniyang pamilya at pamayanan. Dahil sa matibay na paniniwala ng CARD MRI sa kahalagahan ng edukasyon ay nagsagawa ito ng mga programang nagpapatibay ng kapangyarihan ng kaniyang mga miyembro at mga kawani

tulad ng Credit with Education at iba’t ibang *training programs*.

Masigasig ding itinataguyod ng CARD MRI ang *high school at college scholarship* para sa mga anak ng miyembro at *basic and advanced degree programs* naman para sa mga tapat na kawani nito. Simula ng mag-umpisa ng *scholarship program* para sa mga anak ng miyembro ay may 2,129 na ang nakatapos ng kolehiyo at malaking porsyento rito ang nagsisilbi na sa CARD MRI bilang mga kawani.

Inaasahan ng CARD MRI sa pamamagitan ng CARD-MRI Development Institute na makapagsimula ng B.S. Entrepreneurship program hindi lamang sa mga anak ng miyembro at mga kawani nito kundi sa mga mahihirap mula sa Bay at mga karatig-bayan ng Laguna sa Hunyo 22, 2015. Ang lahat ng bayarin ay katumbas o mas mababa pa sa mga dalubhasaan at pamantasang itinataguyod ng mga lokal na pamahalaan sa Laguna. Ang CARD-MRI Development Institute ang tatanghaling kauna-unahang kolehiyo sa Bay sa sandaling matanggap nito ang opisyal na permiso mula sa Commission on Higher Education (CHED).

May pag-asang yumaman ang kaalaman, kasanayan at pandama ng lahat ng Pilipino. At dahil dito, darating ang panahong liliit na ang porsyento ng mga maralita sa Pilipinas.



Dr. Enrique Navarro
Editor-in-Chief

Dr. Jaime Aristotle Alip
Editorial Adviser

Marilyn Manila
Cleofe Figuracion
Managing Editors

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Jeffrey Tandingan
Lynie Joy Ambatang
Raffy Antes
Writers

Marco Antonio Tejada
Joselita Lanao
Analeen Suelto
Mary Ann Macalino
Contributors

Nilalayan ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kanyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na *website* ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala sa e-mail sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

Kahandaan sa panahon ng sakuna

Ni RAFFY M. ANTES

Ang Pilipinas ay nasa lokasyon ng *typhoon belt* at Pacific Ring of Fire na kung saan maraming bagyo, lindol at pagsabog ng mga bulkan ang nangyayari. Habang marami sa mga kalamidad na pumapasok ay napaghahandaan kahit papaano, wala pa rin tayong magawa upang tuluyang pigilan ang mga ito.

“Bakit ba walang nagbigay sa amin ng pako upang masimulan muli ang pagpapatayo ng aming bahay at hindi na kami kailangan pang makipagsiksikan sa *evacuation centers*?” tanong ng mga miyembro ng CARD MRI noon. Ang tugon ng CARD MRI ay ang Sagip Plan at CARD CARE na inihahandog ng CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) at CARD MRI Insurance Agency, Inc. (CaMIA, Inc.), dalawa sa labing-apat na institusyon ng CARD MRI.

Sa pagsusumikap ng CARD MRI na mabigyang seguro ang mahigit 2.7 milyong miyembro sa buong Pilipinas at maihanda sila sa mga hindi inaasahang kalamidad ay inilunsad nito ang mga abot-kayang Sagip Plan at CARD CARE.

Ang Sagip Plan ay isang *family package* na kung saan nakaseguro hindi lamang ang buhay at bahay ng kasapi kundi ang buong tahanan. Sa halagang PhP2,000.00, ang Sagip Plan ay may isang taong *coverage* at may *maximum benefit* na PhP221,000.00. Samantala, ang CARD CARE ay isang *hospitalization benefit* laan sa mga miyembro ng CARD MRI. Nagkakahalaga ng PhP250.00, ito ay may isang taong *coverage* at *maximum benefit* na PhP8,000.00. Sa kasalukuyang miyembro at mga

nagnanais maging miyembro ng CARD MRI, ang dalawang produktong seguro ay maaaring makamit sa pamamagitan ng *loan* na babayaran sa loob ng tatlong buwan hanggang isang taon. Tinatawag itong Bundled Insurance Loan (BIL) dahil sa mga pinagsamang produktong seguro. Ang BIL ay may tatlong opsyon. Ang unang opsyon ay nagkakahalaga ng PhP2,000.00 (isang Sagip Plan lamang), pangalawang opsyon ay nagkakahalaga ng PhP2,250.00 (isang Sagip Plan at CARD Care para sa kasapi lamang), at ang panghuling opsyon ay nagkakahalaga sa PhP4,000.00 (dalawang Sagip Plan).

Para sa mga nais makakuha ng naturang seguro, pinahihintulutan ang mga tanggapan o *unit* ng CARD MRI sa buong Pilipinas na magbenta at tumanggap ng bayad para rito. Sa ganitong paraan, madaling maaabot ang mga may nais na kumuha ng mga naturang *plan*.


Bumuo rin ang CARD MRI ng isang puwersang tinatawag na Microinsurance Agents (MI Agents) upang mag-alok at mamahagi ng *plan*. Ang MI Agents ay mga miyembro rin ng CARD MRI. Binigyan ang mga MI Agents ng kasanayang kumbinsihin ang mga potensyal na magseseguro sa kahalagahan nito.

“Noong sinalanta kami ng Bagyong Ondoy, natanggal lahat ang bubong namin. Dahil sa mabilis na pagpoproseso ng CaMIA sa aming *claim*, mabilis ko ring napaayos muli ang aking munting tahanan,” paglalahad ni Igleseria Mirabueno, isang kasapi ng CARD.

“Kami sa CaMIA, kasama ang mga MI Agents ay patuloy na bubuo ng mga istrategiya para mas mapalawig at maabutan ng serbisyong panseguro ang mga miyembro at mga potensyal na miyembro ng CARD MRI,” banggit ni CaMIA General Manager Rosel Magpantay.

Sining sa Munting Bata

Ni ANALEEN M. SUELTO



Bata pa lamang sina Nathanael at Angela ay nakahiligan na nila ang pagguhit. Marami na rin silang naiguhit na mga larawan sa gabay na rin ng kanilang magulang.

Matatabag krayola at malalaking lapis – ito ang dalawa sa pinakaunang bagay na ibinigay ko sa aking mga anak na sina Nathanael, pitong taong gulang at Angela Liz, apat

na taong gulang, noong sila’y ginagabayan ko pa lamang sa paglalakad. Tinuruan ko silang gamitin ang mga lapis at krayolang ito at hinayaang magsulat ng gusto nilang isulat sa papel. Mga linya, tuldok o kahit anong mga guhit lamang ang nagagawa nila na hindi ko pa maintindihan kung ano ang mga ito.

Habang natututo sila sa tamang

paggamit ng krayola at lapis ay unti-unting nagkakaroon ng puwang sa puso nila ang sining. Nang dalawang taon na sila, ang aking mga anak ay marunong nang humawak ng *ballpen*, lapis at krayola.

Ang pagguguhit at pagkukulay ay naging *bonding time* namin habang kami ay nakikinig ng aming paboritong musika. Parati ko silang binibili ng mga kagamitan sa paggawa ng kanilang sariling sining. Noong simula ay *smiling face* lamang ang kanilang kayang iguhit hanggang sa unti-unti nang lumilitaw ang isang imahe ng tao. Isang napakaligayang



CARD Bank, Inc.
A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Encouraging you
TO SAVE
Little by little, Day by day

KAYANG-KAYA
Savings

Regular Savings
with Pass Book



MATAPAT
Savings Account

Savings Account
with ATM Access

MAAGAP
Savings Account

Savings Account
for Kids

OTHER SAVINGS PRODUCTS:
TIWALA SAVINGS (Special Savings Deposit)
TAGUMPAY SAVINGS (Recurring Deposit)

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya
www.cardbankph.com

A proud member of
BancNet

MEMBER: PDIC, Maximum deposit insured for each depositors P500,000.00

sandali na makita mo ang iyang mga anak na gustong-gusto ang mga bagay na mahal mong gawin. Samantala, habang ang kanilang lola ay gumuguhit ng imahe ni Hesus o ng mga paborito niyang artista o personalidad, ang aking mga anak naman ay masaya pinapanood ang kaniyang ginagawa. Naging malaking bahagi ang aking ina sa pagkatuto at pagkahilig ko sa sining.

Ang aking mga anak ay puno ng sorpresa; ipapakita nila sa aming mag-asawa ang mga paborito nilang iginuhit. Araw, hayop, *dinosaurs* hanggang sa larawan ng pamilya ang naging paboritong iguhit ni Nathanael. Idagdag pa natin dito ang mga *monster* na nagiging *cute* sa kaniyang mga *drawings*. *Ice cream*, bulaklak at lalaki’t babaeng nakatira sa

isang malaking bahay ang ilan naman sa paboritong iguhit ni Angela.

Naparangalan na rin si Nathan sa kaniyang klase bilang Best in Art habang si Angela naman ay laging nakakakuha ng *three stars* sa lahat ng kaniyang *art works* sa paaralan.

Ang kanilang mga sining ay hindi pa pwede sa *art exhibit* sa ibang bansa pero ipinagmamalaki ko sila nang husto sa kanilang mga nagagawa at napagtatagumpayan.

Sa mga magulang, ina, tagapagalaga at malapit nang maging isang magulang, ito ang ilan sa mga payo ko upang ang inyong mga chickiting ay magustuhan ang mundo ng sining:

• Habang nagbubuntis ay ugaliing
Sundan sa pahina 6

Mga unang karanasan



COMMUNITY HERO
NI CYRENE DC. LUBIGAN

Marami sa atin ang pinapahalagahan ang mga unang karanasan. Unang beses na nakarating sa isang bagong lugar, unang beses na nakilala ang isang tao, unang beses na natikman ang ating paboritong pagkain—lahat ng ito ay may malaking importansya sa ating buhay at kadalasan ay hindi natin makakalimutan.

Ganito ang pakiramdam ni Remedios Pojas, isa sa pinakaunang miyembro ng CARD sa San Pablo City noong 1989. Siya rin ang kauna-unahang center chief sa isa sa mga unang nabuong center sa Brgy. San Gabriel, San Pablo, Laguna. “Isang malaking responsibilidad ang pagiging center chief noon, may mga panahon pa nga na umuwi akong umiiyak dahil sa mga pagsubok na nakaharap sa aming center. Pero lahat naman ng ito ay may magandang kapalit,” ang kwento ni Remie na naging center chief sa loob ng walong taon.

Sinariwa niya ang mga panahon na sinasamahan nila ang kanilang Technical Officer na si Ma’am Elma Buendad (na ngayon ay Elma Valenzuela na at Ehekutibong Direktor ng CARD, Inc.), upang manghikayat ng iba pang gustong sumali sa CARD. Natutuwa siya noon kapag nadaragdagan nang nadaragdagan ang kanilang miyembro sa center. Kadalasan nga ay hinahati na ang mga miyembro sa kanilang center dahil masyado na silang marami.

Hindi naging madali para kay Remie ang pagiging center chief, lalo at isa sila sa mga naunang center ng CARD. Kumbaga, wala silang tutularan o gagawing modelo sa mga panahong iyon.

May mga panahon na nais na niyang sumuko, ngunit dahil na rin sa pagpapalakasan ng loob nila ng mga kapwa center members, nagkakaroon siya ng lakas ng loob na gawin ang kanyang tungkulin bilang isang lider. “Sinasabi nila sa akin na kung ako raw ay mag-teresign bilang center chief, lahat sila ay mag-teresign na rin sa center. Hindi ko naman gusto na mangyari iyon. Gusto ko ay sama-sama kami tungo sa pag-unlad,” wika niya.

Sa kanyang tungkulin bilang isang center chief ay natuto siyang

unahin ang mga pangangailangan ng kanyang mga nasasakupan. Ito naman ay mas makakapagpabuti sa kalagayan ng mga kababaihang miyembro ng CARD. “Natutuwa ako na ang mga iminungkahi



Kabilang si Nanay Remie sa unang 89 na kababaihan na naging kasapi ng CARD. Siya ay pinarangalan at binigyan ng plaque at perang nagkakahalaga ng P8,900.

ko noon ay naisasakatuparan na ngayon. Binibigyan ng CARD ng boses ang mga simpleng babaeng katulad ko,” masaya niyang pagkukuwento.

Bagaman nakaramdam siya ng kalungkutan dahil isinama na lamang sa mas bagong center ang kanilang naunang center, labis pa rin ang kanyang kagalakan dahil mas bumuti pa ang kalagayan ng kaniyang mga kapwa miyembro. “Kadalasan sa aming mga miyembro ay abala na sa ngayon sa kanilang mga trabaho, ang iba naman ay savers na lamang dahil sila ay tumanda na rin,” paliwanag niya.

Sa kasalukuyan ay 49 na taong gulang na si Remie. Sa loob ng 26 na taon ay ipinagpapatuloy niya ang pagiging miyembro ng CARD dahil para sa kanya, ito ay nakatulong nang malaki para makamit niya ang kanyang mga pangarap tulad ng pagpapatayo at pagpapaayos ng kanilang bahay at ang pagpapatapos ng lahat ng kaniyang anak sa kolehiyo.

Patuloy na nangangarap



BOSES NI ISKO
NI RAFFY M. ANTES

“Hindi natatapos ang mga pangarap mo sa buhay kapag nag-asawa ka na.” Ito ang isa sa mga pahayag na hindi ko malilimutan kay Gng. Jean Torneo, iskolar ng CARD MRI sa programang Balik Eskwela si Nanay (BEN).

Para sa isyung ito ng Sulong, pagtutuunan naman natin ng pansin ang BEN, ang programang pang-edukasyon ng CARD MRI para sa mga miyembro nitong gustong mag-aral o ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa sekondarya o sa kolehiyo at kung paano ito naging inspirasyon at tulong sa buhay ng mga miyembro ng CARD MRI.

Sa ilalim ng programang ito, ang iskolar sa sekondarya ay maaaring magpatuloy sa kanyang naiwang antas. Maaaring magpatala sa saan mang paaralan ang iskolar. Sa loob ng apat na taon ng kanyang pag-aaral ay susuportahan



Ang mag-asawang Torneo habang kalong ang kanilang kambal na anak.

share na walong libong piso (P8,000.00) at dagdag na P1,500.00 para sa kaniyang allowance sa bawat semestre.

Si Jean ay naging kasapi ng CARD MRI noong 2007. Taong 2012 nang siya ay maging iskolar ng CARD MRI. Isa sa

mga importanteng kwalipikasyon para sa scholarship ay ang attendance rate. Dahil nagpakita si Jean ng magandang performance sa center, naging kwalipikado siya sa pagiging iskolar. Mahalaga rin ang pagpapanatili sa kaniyang performance dahil isa ito sa mga pangangailangan sa pagpapanatili ng scholarship.

“Bago pa man kami ikasal ng asawa ko ay napagkasunduan na talaga namin na tatapusin ko ang aking pag-

nag-asawa.

Noong unang inialok sa kanya ang scholarship ay nagdadalawang-isip siya dahil nakikita niya na higit pa sa kanyang matatanggap na allowance ang magagastos niya sa pag-aaral. “Kailangan kong magsimula ulit lalo na sa pagbili ng mga libro, uniporme at iba pang pangangailangan sa pag-aaral. At kung magbabaoon pa ako kasama ang aking apat na anak ay malaki talaga ang magiging gastos ng aming pamilya,” sambit ni Jean.

Dahil dito, kinonsulta muna niya ang kaniyang pamilya kung makakayanan ba nila ito. Ayon naman sa asawa ni Jean, kung pagpapabaon sa kaniya at sa apat na nilang mga anak sa

aaral bilang inhinyero. Ngunit hindi ito naisakatuparan dahil lumaki na ang aming pamilya. Malalaki na rin ang aking mga anak at sila’y nag-aaral na rin,” ibinahagi ni Jean. Second year college nang siya ay huminto sa pag-aaral dahil maaga siyang

pagtatapos ng kwento ay tanungin ang inyong mga anak kung ano ang kanilang natutunan sa kwentong binasa.

b. Magluto ng simpleng recipe kasama ang inyong mga anak. Maari mo rin itong ibenta sa inyong kapitbahay at ipaubaya na may kasamang paggabay ang pamamahala rito sa inyong mga anak. Tulungan mo rin silang magtipid ng pera.

c. Maglakad o magbisikleta tuwing umaga sa inyong paligid.

d. Iwanan ang inyong anak ng activity sheet o workbook (siguraduhing

bawat araw ay kakayanin nilang itaguyod kung kaya’t sinungaban na niya ang oportunidad na ito. Gusto ng asawa ni Jean na ipagpatuloy niya ang kanyang pag-iinhinyero para pareho na sila ng Sundan sa pahina 8

dapat i-check ang kanilang naging gawain sa pagtatapos ng araw).

e. Bumisita sa mga orphanage at magbigay ng kaunting tulong.

Panghuli, gawin ang inyong tahanan na pinakamaganda at pinakamasayang lugar para sa inyong mga anak. Bilang isang ina, inililigpit ko ang lahat ng kanilang art works at kinukuhanan ng litrato ang lahat ng importanteng events ng kanilang buhay upang sa kanilang paglaki, mayroon akong maipapakitang mga masterpieces nila at mga experiences noong sila’y bata pa.

Isang trahedyang na nagsilbing inspirasyon at karangalan sa bansa



KUWENTONG OFW
NI JOSELITA V. LANA O

Naging kilala si Judy Padasas at ang kanyang kabiyaak na si Paulino sa buong bansa dahil sa isang trahedyang dinanas ng kanilang kaisa-isang anak na si Kristel Mae nang dumalaw ang Santo Papa sa Pilipinas noong Enero.

Ang dalaga ay isa sa mga volunteers nang pumunta si Pope Francis sa Tacloban upang makisalamuha sa mga nasalanta ng bagyong Yolanda noong 2013. Dahil sa lakas ng buhos ng ulan at hangin, si Kristel Mae, sa kasamaang-palad, ay nabagsakan ng mabigat na materyales na ginamit sa entablado kung saan nagmisa si Pope Francis. Siya ang katangi-tanging casualty sa pagdalaw ng Santo Papa. Masyadong nalungkot si Pope Francis sa nangyari kay Kristel at humanga rin sa kanyang busilak na pusong magsilbi sa kapwa bilang volunteer kung kaya’t sinigurado nitong makausap at mabigyan ng blessing ang mga mahal niya sa buhay sa huling araw ng kanyang schedule sa Pilipinas. Ngunit hindi rin nagkaroon ng pagkakataon si Judy, na kasalukuyang nagtatrabaho sa ibang bansa, na makadaupang-palad si Pope Francis dahil hindi kaagad naayos ang kanyang mga papeles pabalik sa Pilipinas. Naging simbolo ng karangalan ng bayang Pilipinas si Kristel at ang mga magulang nito na buong pusong tinanggap ang maagang pagpanaw ng kanilang pinakamamahal na

PAGBANGON MULA SA MGA DELUBYO



NapaPANAHON
NI MARCO ANTONIO DA TEJADA

Sa usaping disaster management, masasabing disaster lamang ang isang pangyayari kung ang mga tinamaang lugar o pamayanan ay mahihirapang bumangon mula sa resulta ng pagtama ng isang mapanganib na bagyo, lindol at pagbaha at iba pa na nagdulot ng malawakang pagkasira ng mga ari-arian.

Ang kahirapan sa pagbangon ay karaniwang resulta ng mga kahinaan katulad ng kasalatan sa pangkabuhayan, ekonomiya, pangkalusugan at iba pang pangangailangan ng isang normal o matatag na pamayanan. Ngunit ang isang lugar na walang taong naninirahan, tamaan man ng limang bagyo na sinlakas ng Yolanda, ay hindi masasabing disaster.

Kung ganito ang basehan ng isang pangyayaring maituturing na disaster, maaari bang sabihin na ang nangyaring mga pagtama ng hazard tulad ng mga bagyo, lindol at iba pa sa mayayamang bansa na may kalakasan sa pangkabuhayan, ekonomiya, pangkalusugan at iba pang mga nabanggit na aspeto at nagdulot din ng malawakang pagkasira ng mga ari-arian ay hindi natin matatawag na disaster

anak.


Si Judy ay isa sa mga mahigit isang libong OFW sa Hong Kong na naabot ng CARD OFW Hong Kong sa pamamagitan ng programang nagtuturo ng edukasyon hinggil sa pangangalaga ng pananalapi o financial literacy.

Nagkaroon ako ng pagkakataong personal na madalaw ang mag-asawang Paulino at Judy upang ipaabot ang pakikidalamhati ng CARD MRI sa pagpanaw ng kanilang anak. Ang kuwento ni Judy ay tipikal na kuwento ng isang ina na sa kagustuhang mabigyan ng magandang buhay at paghandaan ang kinabukasan ng kaisa-isang nilang anak ay nagdesisyon mangibang bansa bilang isang OFW. Naiwan ang noo’y apat na taong gulang na batang babae sa pangangalaga ng

kanyang lola sa Bicol habang ang kanyang asawa naman ay nagtatrabaho bilang isang ordinaryong empleyado sa isang maliit na kompanya sa Maynila. Nagtungo sa Maynila sa ilalim ng pag-aaruga ng kanyang ama si Kristel upang makapag-aral sa kolehiyo. Siya ay nag-aral sa Adamson Univeristy, sa kursong BS Psychology.

Bagama’t malayo sa mga magulang, lumaking mabait, masunurin at masipag na mag-aaral si Kristel Mae o “Mai-Mai” sa kanyang mga kakilala. Bukod sa pagiging masayahin, bata pa lang ay kinakitaan na siya ng kababaang-loob at likas na pagiging matulungin sa kaniyang kapwa. Sumali siya sa iba’t ibang school organizations “doing charity works,” na iyon ay hindi alam ng kanyang ina na nasa

Sundan sa pahina 8



Hawak ni Judy Padasas ang kanyang sertipiko noong nagtapos siya sa financial literacy program ng CARD MRI sa Hong Kong. Kasama ni Judy ang kanyang asawa na si Paulino at si Ning Lanao ng CARD MRI OFW Foundation.

nabanggit na hazard ay mga natural na pangyayari na marahil kung ipapaliwanag sa siyentipikong pamamaraan ay may silbi o parte ng ebolusyon ng mundo at ang mga ito ay nangyayari hindi pa man isinilang ang mga tao sa mundo. Sa pagdami ng tao, lumalaki ang tsansang maapektuhan ng naturang hazard at magkaroon ng disaster.

Ang isa pang usapin tungkol dito ay kung kailan masasabing natural ang isang pangyayari tulad ng bagyo? Ang Pilipinas ay nakapwesto sa isang lugar na malapit sa factory ng bagyo (Pacific Ocean at West Philippine Sea). Ayon sa PAGASA, hindi bababa sa dalawampung bagyo ang pumapasok sa teritoryo ng Pilipinas kada taon at maaaring ang lima

Sundan sa pahina 8



Ang trahedyang dimulot ng bagyong Yolanda sa Pilipinas.

Agad-agad na pumunta ang mga kawani ng CaMIA sa lugar na nasalanta ni Yolanda upang suriin ang nangyari sa bawat miyembro ng CARD. (inset)

REPLEKSYON

NI JEFFREY C. TANDINGAN

Lahat ay binigyan Niya ng dahilan para mabuhay. Lahat naman tayo ay may kaniya-kaniyang kaparaanang kung paano ito gagamitin. Iba’t ibang dahilan ngunit isa lang ang nais Niya para sa atin. Kaniya-kaniyang kaparaanang hindi na natin inaalam kung naaayon pa nga ba ang ating mga kilos at galaw sa Kaniyang kagustuhan.

Ang nais Niya para sa atin: ang mapalapit tayo sa Kaniya.

Iniwang Niya ang pagiging Hari at piniling maging tao dahil nais Niya tayong makasama. Naiintindihan Niya ang lahat ng pinagdaraanang natin dahil pinili Niyang maging isa sa atin. Naranasan Niyang madungisan, isumpa, masugatan, masaktan at mamatay. Sa katunayan, hindi naman Niya kailangan gawin ang lahat ng ito. Hindi Niya tayo kailangan. Hindi Niya kailangang pasanin ang bigat ng ating mga kasalanan. Hindi Niya kailangang mamatay sa krus. Pero ito ang ninais Niya at ito ang pinili Niya. Bakit? Simple lang, dahil mahal Niya tayo.

Ang ating mga naisin: ang magsaya sa hatid ng makasalang mundong ating ginagalawan.

Lahat tayong Kristiyano ay nagsasabing kilala natin Siya at mahal natin Siya. Ngunit, gaano natin Siya kakilala? Hanggang saan aabot ang ating pagmamahal para sa Kaniya? Hanggang saan ang kaya nating ibigay?

Ilang beses mang sambitin ng ating mga labi na kilala natin Siya, ang katotohanan ay hindi pa natin Siya ganap na kilala. Nanaisin pa ba nating malayo sa Kaniya kung alam natin kung ano-ano ang mga hindi matutumbasang pangako Niya para sa atin? Matatakot pa ba tayong mamatay bukas kung buong-buo ang ating paniniwala na may buhay na walang hanggan kasama Siya? Maglalakas loob pa ba tayong tahakin muli ang maluwang at malapad na daan kung alam at lubusan nating naiintindihan ang sinabi Niyang lahat ng ito ay may kabayaran? Hindi pa matatag ang ating paniniwala sa Kaniya. Hindi pa tayo lubusang nagitiwala sa mga plano Niya. Ganoon pa man, mahal Niya tayo.

Gusto Niyang maging bahagi ng buhay natin ngunit patuloy nating isinasarado ang pintuan para sa Kaniya. Kumakotok ngunit hindi pinagbibuksan. Nangungusap ngunit nagbibingi-bingihan. Nabubuhay tayo sa isang mundong tanggap at ipinagmamalaki pa ang kasalanan. Napuno na tayo ng kalyo na hindi na natin maramdaman kung paano Niya tayo pinahahalagahan. Maaaring hindi natin namamalayan na unti-unti na tayong humalayo sa Kaniya. Masyado na kasi nating minamahal ang mundo at nakaligtan natin na ang ating pananatili rito ay pansamantalang lamang. Ikaw at ako ay isa lamang dayuhan sa mundong ito.

Tama na ang pagsasaya sa makamundong gawain. Piliin naman nating magsaya at mamuhunan para sa Kanyang kaharian. Masyado na kasi nating pinaliligaya ang Kalaban. Masyado na siyang masaya. Marami na siyang taong napaniwala sa milyong-milyon niyang kasinungalingan. Sana’y hindi tayo maging isa sa kanila. Ang laban sa pagitan Niya at ng manililalang ay masyadong matindi. Maruming maglaro ang Kalaban. Kahit gusto ka Niyang ipaglaban, kung ikaw mismo ang bibitaw, matatangay ka. Higpitan natin ang ating mga kapit. Pagtibayin natin ang ating pananalig.

Mahal Niya tayo. Gusto Niyang muling maging isang Ama sa atin. Naghihintay lamang Siya. Sapagkakataong ito, sana’y patuluyin na natin Siya.

PAGBANGON...

(mula sa pahina 7)

sa dalawampung ito ay tumama mismo sa kalupaan ng Pilipinas. Matapos tumama sa Visayas ang maituturing na bahagi na nang kasaysayan ng mundo – pinakamalakas na bagyo na tumama sa kalupaan, maging ang mga siyentipiko ay nagtatanong kung ito ay natural o maaaring bunga ng *climate change* na bunga ng *greenhouse effect* na epekto naman ng gawain ng mga tao na nakakapagdulot ng hindi balanseng pagbunga ng mga kemikal na nakakaapekto sa kalawakan at nagiging sanhi ng pag-init ng mundo, na gustong-gusto ng bagyo dahil mula sa ganitong pamamaraan sila nalilikha, habang umiinit lalong lumalakas. Kung ganito ang pangyayari, natural pa ba ito o gawa na ng tao?

Sinasabing ang pinakamalaking kontribyutor sa *climate change* ay ang mga mayayamang bansa dahil sa walang patlang na produksyon ng mga pangangailangan o sabihin na nating hindi gaanong kailangan ng tao. Ang walang tigil na pagkonsumo at pagtatapon ng mga sobrang materyales ng produksyon ay nag-aambag sa pagpapabago ng klima dahil sa mga *factory* na naglalabas ng mga kemikal at usok sa kalawakan.

Hindi maikakailang *disaster* ang naging bunga ng pagtama ng bagyong Yolanda sa Pilipinas, partikular sa lugar ng Visayas kung saan ang mga tinamaang pamayanan ay may mga kahinaan tulad ng kasalatan sa kabuhayan. Ang pagtama ng bagyong Yolanda ay nakapagpalala sa sitwasyon ng mga *survivors*, patunay rito ang patuloy na rehabilitasyon na ginagawa sa mga lugar at pagtulong sa mga taong naapektuhan.

Bagamat ganito ang naging

Isang trahedya...

(mula sa pahina 7)

ibayong dagat. Patuloy na naging maayos ang trabaho ni Judy sa Hong Kong na naging daan upang matustusan ang lahat ng kanilang pangangailangan. Taong 2012 nang siya ay mahikayat na dumalo sa CARD Hong Kong *financial literacy workshop* at sinundan ng kanyang pagdalo sa *livelihood seminar* noong 2013.

Sa kabilang dako naman, patuloy ang magandang *performance* ni Kristel sa unibersidad. Naging *volunteer* din siya a VSO International at Catholic Relief Services (CRS), at nakarating sa malalayong probinsiya tulad ng Bohol at Batanes kung saan may kailangang tulungan. Bagama’t noong una ay tutol ang kanyang ina dahil sa pag-aalala, pumayag na rin siya dahil dito masaya ang kanyang anak. “Kahit walang sweldo Mama, okay lang, masayang makatulong,” ang wika ni Kristel.

Upang makasama naman ang kanyang anak, dalawang beses na niya itong pinapunta sa Hong Kong upang magbakasyon kung saan sinusulit nilang mag-ina ang mga oras at panahon na di sila magkasama. Pakiramdam ni Judy ay marami silang hahabuling mag-ina dahil sa haba ng panahong sila ay nagkawalay bagama’t masaya ang mga naging alaala nila sa pagbisita ng kanyang anak sa Hong Kong.

“Plano ko na talagang mag “for-good” ngayong Marso. Naka-*book* na rin po si Mai-Mai papunta rito sa HK para magbakasyon at pinag-iisipan ko na sabay na kaming uuwi sa Pilipinas at

pangyayari, ang mahalaga ay may likas na kalakasan ang mga Pilipino, at ito ay ang katatagan o ang tinatawag na *resiliency* ng mga Pinoy na naging paksa ng mga pahayag ng mga dayuhang tagapagbalita tulad ng CNN. Hindi nila lubos maisip kung paanong sa kabila ng mga pangyayari ay nakayanan pa ng mga taong nasalanta na ngumiti at magsabing “kaya naming bumangon”. Patunay rito ang naging pahayag ng isang grupo ng mga kababaihang na-*interview* at lumabas sa pahayagang Philippine Daily Inquirer kung saan sinabi nila ang kanilang damdamin na “hindi namin kailangan ang donasyon/ limos bagama’t nagpapasalamat kami. Ang kailangan namin ay mabigyan kami ng pagkakataon at tulong na makabangon sa aming sarili.”

Mahigit isang taon na ang lumipas, unti-unting bumabangon ang mga mamamayan mula sa pinsalang dinulot ng bagyong Yolanda. Bagamat may kahinaan sa ibang aspetong pampamayanan, mahalagang masuportahan ang natural na kalakasan ng mga *survivor* ng isang *disaster*. Ang usaping *disaster* ay usapin ng kahinaan at kalakasan ng isang pamayanan at mamamayan nito. Ang kakayahan ng mga Pilipinong bumangon sa mga hindi inaasahang pangyayari ay nasubukan na at patuloy na susubukin pa sa mga darating na panahon bunga ng mga pagbabago sa klima.

Marahil kahit papaano ay makatutulong ang *microfinance* at *microinsurance* sa pagsuporta sa kalakasang likas sa mga mamamayan at mabigyan sila ng pagkakataong makabangon sa kanilang sariling kakayahan. At kung mangyari ito sabay-sabay tayong magbubunyi at buong pagmamalaking magsasabing... “Tagumpay tayol!”

hindi na muling babalik pa. Maraming mga tanong sa aming mag-asawa, “Lord, bakit sa anak pa namin nangyari ito?” Maraming kasagutan mula sa mga kaibigan at kapamilya na hindi namin matanggap at maunawaan noong una. Subali’t sa simula lang iyon, naisip namin, “pinili siya ng Diyos na makasama dahil may mabuting puso ang anak namin, mahal siya ng Diyos kaya siya kinuha sa amin.”

“Maraming mga kaibigan, kakilala at di-kakilala ang nakiramay at sumuporta. Ito ang lubos na nagpalakas ng loob at nagpatibay ng paniniwala namin na ituloy pa rin ang buhay. Malungkot, pero sino ang hindi masisiyahan sa mga papuring naririnig namin para sa aming anak. At kung anumang adhikaing nasimulan ni Mai-Mai, mananatili itong isang inspirasyon. “Tuwing kaarawan niya, nagpupunta siya sa Smokey Mountain para magdala ng pagkain at magbigay sa mga naghihikahos na mga kabataan. Nagbibigay din siya ng mga *school supplies* sa mga ito,” sabi ni Judy.

“Dahil hindi na po ako aalis ng Pilipinas, ang lahat pong ito ay patuloy naming gagawin bilang pag-alala sa aming anak na si Mai-Mai,” bahagi ni Judy na may ngiti sa labi bagama’t mababanaag pa rin ang lungkot sa mukha habang nakatingin sa nakapatong na larawan ng kanyang kaisa-isang anak. Isang mahigpit na hawak ng kamay ng isang ina ang aking naramdaman.

Isang karangalan para sa CARD ang makilala sina Judy at Paulino at kahit papaano’y maging bahagi ng kanilang buhay. Inaayos na ng CARD MRI ang

Experience the
JOY
to work
with people

Live the
PASSION
to help people
improve their lives

Have the
HEART
to serve
others

J

O

I

N

U

S

and be part of our 7,000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of our 2 Million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 5 Million Filipinos by 2015.

AVAILABLE POSITIONS

PROJECT MANAGERS

Position Requirements

- Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent
- At least three (3) years of working experience as Project Manager for IT Projects
- Strong leadership to manage project team, good negotiation and analytical problem solving skill
- Preferably with Banking and/ or Accounting experience
- Able to work under required time and pressure

Essential Functions

- Direct and manage project development from beginning to end
- Define project scope, goals and deliverable that support business goals in collaboration with senior management and stakeholders
- Effectively communicate project expectations to team

SYSTEM ANALYSTS

Position Requirements

- Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent
- At least five (5) years of working experience in a related field is required
- At least two (2) years solid experience with System Development Life Cycle (SDLC) exposure
- Must have good technical and business analytical skills
- Preferably with Banking and/ or Accounting experience
- Ability to manage multiple projects; ability to lead other System Analysts
- Able to work under required time and pressure
- Well-organized, flexible, proactive and give attention to details

Essential Functions

- Document the processes of the business in its current state and make recommendations for software systems that will support and improve the flow of work in the business

APPLICATION DEVELOPERS

Must be at least a Bachelor's/College degree, Computer Science/Information Technology or equivalent. If graduate of two (2) years course, at least with two (2) years work experience. Language required: Java, PHP, VB.net. MS SQL database

The application developer's role is to code, test, and analyze software programs and applications. This includes researching, documenting, and modifying software specifications throughout the application life cycle. The application developer will also analyze and amend software errors in a timely and accurate fashion and provide status reports where required.

GENERAL QUALIFICATIONS

- Male (single/married) or Female (must be single)
- With pleasing personality and excellent in interpersonal skills
- With competent oral and written communication skills
- Computer literate
- Must be willing to be assigned in any area of CARD operations
- Not related to any CARD employees (except for CARD Scholars)

REQUIREMENTS

- Resume with recent 2x2 picture (white background)
- Application letter
- Photocopy of Transcript of Records

All interested applicants are invited to apply in any CARD offices near you!

For inquiries, contact
CARD MRI HRD Office at: (049) 562-4309

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity-building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

pagkonekta kay Judy sa CARD *center* sa Taguig; ganoon din sa CARD Bank upang makapagbukas sila ng *savings plan* nilang mag-asawa. Sa pamamagitan ng mga kuwentong buhay ng mga katulad nilang OFW, nagiging malalim ang pang-unawa ng CARD at ng mga tulad kong direktang nakikihalubilo sa kanila. Ito ang kadahilanan

Patuloy na...

(mula sa pahina 6)

propesyon. Ngunit nang magkonsulta si Jean sa mga paaralan ay halos doble na ang matrikula. Kaya napagdesisyunan nilang kumuha siya ng BS Secondary Education para kahit 38 taong gulang na siya sa kaniyang inaasahang pagtatapos ay may pagkakataon pa rin siyang makakuha ng trabaho.

Minsan ay tinatanong ni Jean ang kanyang sarili kung bakit pa siya mag-aaral muli. Isa sa mga pinaghuhugutan niya ang bilin ng kanyang mga magulang na mas maganda ang nakapagtapos ng pag-aaral. “Parang sa sarili mo ay hindi ka kumpleto kapag hindi ka nakapagtapos. Ito ay respeto na rin sa sarili mo at nang sa gayon ay maipagmamalaki ka ng mga anak mo,” dagdag pa ni Jean.

“Malaki ang pasasalamat ko sa pagkakataong ibinigay ng CARD sa akin. Dahil sa *scholarship* na ito ay nabigyan ako ng isa pang pagkakataon na mabago at mabigyan ng panibagong direksyon ang buhay ko,” buong pusong ibinahagi ni Jean.

kung bakit ang ating mga kababayan na kalimitan ay kababaihan ay umaaalis, iniwan ang pamilya para magtrabaho sa ibang bansa. Ang patuloy na kahirapan ng buhay sa ating bansa ang siya ring nagtutulak sa kanila upang magsakripisyo para mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga mahal nila sa buhay.

Gusto rin ni Jean na makapagtapos siya ng pag-aaral nang natulungan din niya ang kanyang asawa. Ayon kay Jean, kahit gaano man kahirap ang pinagdadaanan nila ngayon ay pinagtutulungan nila ito.

“Gaano man karaming oras ang nailalaan ko sa aking pag-aaral ay hindi ko pa rin nalilimutan ang responsibilidad ko sa aking pamilya. Isa pa rin akong ilaw na maliwanag na nagniningning sa aming tahanan. Nasa diskarte at pagbabalanse lang naman iyan,” masayang ibinahagi ni Jean.

Sa kasalukuyan, si Jean ay *third year college* na sa kursong *Secondary Education major in Biology* at tinatapos na niya ang kaniyang *thesis study* patungkol sa *anti-microbial properties* ng dahon at bunga ng kamyas.

Mensahe naman ni Jean para sa mga kagaya niya, “Patuloy lang po tayong mangarap kahit na tayo’y mahirap. Hindi natatapos ang ating mga pangarap pag tayo ay nakapag-asawa na, bagkus ito ay nadadagdagan pa nga. Tayo ay magpursige dahil hindi lamang ito para sa atin, kundi para sa ating pamilya rin.”